# Every Church a Study Center

## Kabataang Pilipino, Pag-asa o Problema ng Bayan ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised March 11, 2022

### Part Four: Paano Haharapin Ang Mga Threats Sa Magandang Kinabukasan

1. *Play Defense*.

Marami ang naniniwala na sa larong basketball mas mahalaga ang magaling sa *defense* kaysa *offense*. Kung magaling ang defense, hindi makaka-score ang offense. Ganyan din sa teen-age life. Marami ang gustong mang-agaw ng buhay, hindi lamang si Kamatayan, kaya kailangang matuto ang mga kabataan kung paano mag-develop ng magandang defense.

Ang good defense sa premarital sex ay ang huwag makipag-date bago magdisi-ocho anyos. At kung 18 years old na, mag-aral muna ng tamang paraan ng pagde-date bago tuluyang mag-date. Huwag ipagsapalaran ang isang magandang kinabukasan. Magdesisyon agad na maghihintay ng tamang panahon.

Ang droga ay kamag-anak ni Kamatayan dahil buhay pa ang biktima ay para siyang patay na. Ang tumanda na durogista ay parang *walking dead*. Wala na sa tamang pag-iisip. Nasa ibang planeta na. Subalit, maski ganoon na kalantad ang masamang epekto ng illegal drugs, parami nang parami pa rin ang nasasaklaw nito.

Kapag last two minutes na at humahabol ang kalaban, ang sigaw ng mga taga-suporta ng team na nakakalamang ay *DEFENSE! DEFENSE!* Ganyan din sa pagharap sa tukso ng laman at pressure ng mga drug-pushers o nag-aalok manigarilyo o uminom ng alak, kailangan ang depensa. Ang pinakamagaling na depensa ay ang matutong magsabi ng *No!* Kung ang pinapagawa sa mga kabataan ng isang ad ay *Just do it*! Ang sigaw ng mga taga-suporta ng tinutuksong teen-ager ay *Just say no*! - upang hindi siya maging biktima.

Ang mga sumusunod ay ilang payo lamang para makapag-develop ng good defense:

- ✔ Magdasal agad-agad paggising sa umaga; humingi ng kalakasan sa Diyos.
- ✔ Bago lumabas ng bahay, italaga ang sarili to *just say no* kung may haharaping tukso.
- ✔ Pagbulay-bulayan ang mga payo ng magulang at mga natutuhan sa school habang naglalakad o nakaupo sa jeep o tricycle (huwag tumunganga o tumingin sa kawalaan).
- ✔ Pag-isipan kung ano ang plano ng Diyos para sa iyong buhay; kung paano ito madi-discover.
- ✔ Husgahan agad-agad ang mga maling ginagawa o sinasabi ng mga sikat na artista sa cine o sa telebisyon; kung hindi ay baka madala ka pa nila.
- ✔ Huwag magbabad sa panonood ng telebisyon o sa anumang social media; maging mapili kung ano ang panonoorin.

2. Play Offense.

Kung mayroong nagsasabi na ang nagpapapanalo sa larong basketball ay good defense, mayroon din naman nagsasabi na *the best defense is a good offense*. Ibig sabihin, maski anong galing ng isang defensive player, hindi niya kayang bantayan ang dalawang offensive players. Kaya ang magaling na offense ay yung

mayroong nakakalibreng player para maka-shoot. Kaya ang isang offensive player na magaling maka-spot ng open na player o magaling mag-screen ay valuable.

Ang pinakamagaling na offense pagdating sa distribution ng illegal drugs ay ang pagiging anti-drug promoter. Kahit bata pa ay maaari nang maging agent ng transformation. Halimbawa, nagdi-distribute siya ng mga babasahing anti-drug. Binabalaan niya ang mga nakababata sa kanya na huwag magpasilo sa droga sa bawat pagkakataon na bumukas sa kanya.

Ang mga sumusunod ay ilang payo lamang para makapag-develop ng good offense:

- ✔ Mag-research sa internet o sa youtube patungkol sa masasamang epekto ng drugs at i-post ito sa iyong social media account.
- ✔ Pumunta sa barangay hall upang makahingi ng mga *tracts* laban sa illegal drugs, at ipamigay ito sa mga kakilala at sa mga kabataan sa barangay.
- ✔ Makipagkilala sa mga kabataang may layunin ding makatulong sa pagpuksa ng lagim na ikinakalat ng illegal drugs.
- ✔ Makipag-communicate sa mga NGOs, at mag-usisa kung paano makatutulong sa transformation ng barangay.
- ✔ Magpakilala sa barangay council na ikaw ay isang good citizen at transformation agent.

*3.* Team Building.

Ang team building ay isang programa na popular sa mga big and small private offices tulad ng mga call centers o big and small government agencies tulad ng Red Cross o ng isang barangay. Ang layunin ng programang ito ay upang ma-improve ang performance ng organisasyon.

Balik tayo sa basketball. Ang team building para sa basketball ay hindi lamang programa, ito ang susi sa championship. Kapag pinagsama ang 12 magagaling na players, ang layunin ng team building ay mag-develop ng good chemistry among the players. Mahalaga na magustuhan ng 12 players ang isa't isa; walang *personality conflict*. Hindi mahirap maunawaan ang magiging resulta kapag regular season na. Ang isang player na may problema sa coach o sa ibang players ay hindi magpe-perform ng 100%. Kapag hindi agad naayos ang problemang ito, nagsisimula pa lamang ang season, goodbye championship na.

Mainam na bumuo ng isang support team na aalalay sa mga members nito. Mabuti kung ang isang kabataan ay mayroong teammates na makauunawa at makapagpapalakas sa kanya kung siya ay may hinaharap na problema. Ito ang layunin ng isang support team: ang maglaan ng suporta sa mga members. Mahalaga na may maaasahan at matatakbuhan ang isang kabataan sa oras ng tukso.

*4.* Ang paghahanda sa sarili.

You are what you think. Mahirap sa kabataan kung hinahayaan niyang makawala ang kanyang imagination sa mundo ng sexual activities o kaya naman ay isipin na "cool" ang magkabisyo. Sigurado na ang pinag-iisip ng isang kabataan ang s'yang isapamumuhay niya. Ang sex at bisyo ay addicting. Habang ang hayop sa laman ay pinakakain ng imahinasyon, lalo itong lumalakas at tumataba hanggang sa ang kabataan ay maging mistulang alipin niya.

Samakatuwid, ang battle ground ay ang isipan ng kabataan. Kung hahayaan ng isang kabataan na siya ay madala ng bulong ng maling pagnanasa ng kanyang imahinasyon, siguradong pagkatalo ang kanyang kahihinatnan. Sa kabilang palad, kung ang isipan niya ay kanyang didisiplinahin, ang tatahakin nito ay ang daan tungo sa tagumpay. Kung itatalaga ng kabataang Pilipino sa kanilang puso't isipan na ang mga

threats sa magandang kinabukasan nila ay kanilang masusugpo sa tulong at kalakasan ni Cristo, sigurado na ang kanilang tagumpay.

Sinasabi sa Bibliya na kung ano ang katotohanan, marangal, matuwid, dalisay, maganda, kahanga-hanga at karapat-dapat bigyang puri, ito ang iyong pag-isipan (Philippians 4:8). Halimbawa, kung ang pag-iisipan ay ang mga katotohanang taglay ng salita ni Cristo, bukas makalawa, ito ang iyong isasapamuhay. Ang mabubuting gawa na laging mong pinag-iisipan ay mangyayari sa tunay na buhay.

Napakalaking challenge ang kinakaharap ng mga kabataan ngayon. Isa lamang ang maaaring kabagsakan ng bawat kabataan, pag-asa o problema sa lipunan. Alin ang pipiliin mo?

***Multiple Choice:***

1. Bakit kailangang matuto ang mga kabataan kung paano mag-develop ng magandang defense?
   a. Upang sila ay hindi mapahamak
   b. Upang sila ay matutong umayaw
   c. Upang sila ay hindi maloko
   d. All of the above

2. Marami ang gustong mang-agaw ng buhay, kaya kailangang matuto ang mga kabataan kung paano mag-develop ng magandang defense.
   a. True
   b. False

3. Ano ang good defense sa premarital sex?
   a. Matutong magsabi ng No
   b. Huwag makipag date ng wala pa sa tamang edad at matutong maghintay ng tamang panahon
   c. Hintaying magdisi-otso at tsaka makipag-date kahit wala kang ideya sa pakikipag-date

4. Para mapagtagumpayan ang tukso, kailangang bago lumabas ng bahay, italaga ang sarili to just say no kung may haharaping tukso.
   a. True
   b. False

5. Huwag pagbulay-bulayan ang mga payo ng magulang at mga natutuhan sa school.
   a. True
   b. False

6. Kailangang husgahan ang mga maling ginagawa o sinasabi ng mga sikat na artista sa cine o sa telebisyon.
   a. True
   b. False

7. Huwag magbabad sa panonood ng telebisyon o sa anumang social media; maging mapili kung ano ang panoorin.
   a. True
   b. False

8. Ano ang pinakamagaling na offense pagdating sa distribution ng illegal drugs?
    a. Maging drug promoter
    b. Maging anti-drug promoter
    c. Maging drug distributor

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi tamang payo para makapag-develop ng good offense?
    a. Mag-research sa internet o sa youtube patungkol sa masasamang epekto ng drugs at i-post ito sa iyong social media account
    b. Makipagkilala sa mga kabataang may layunin ding makatulong sa pagpuksa ng lagim na ikinakalat ng illegal drugs
    c. Magpakilala sa barangay council na ikaw ay hindi good citizen at transformation agent

10. Ang pakikipag-communicate sa mga NGO's at mag-usisa kung paano makakatulong sa transformation ng barangay ay isang good offense?
    a. True
    b. False

11. Ano ang layunin ng Team building?
    a. Upang magpalakasan ang bawat isa
    b. Upang ma-improve ang performance ng organisasyon
    c. Upang mas makilala pa ng team ang isa't-isa

12. Ano ang layunin ng support team?
    a. Maglaan ng suporta sa mga members
    b. Sila ay maaasahan at matatakbuhan sa oras ng pangangailangan
    c. Both a and b

13. Ang battle ground ng isang kabataan ay ang kanyang kalayaang mamili.
    a. True
    b. False

14. Kung hahayaan ng isang kabataan na siya ay madala ng bulong ng maling pagnanasa, ano ang mangyayari sa kanya/
    a. Ang kanyang pagnanasa ay mananalo, kaya't siya rin ay mananalo
    b. Ang kanyang pagnanasa ay mananalo at paniguradong pagkatalo ang kanyang kahihinatnan
    c. None of the above

15. Ayon sa Philippians 4:8, ano ang dapat nating isipin?
    a. Katotohanan, kasinungalingan, matuwid at Dalisay
    b. Kahanga-hanga, katotohanan, marangal at kabuktutan
    c. Marangal, matuwid, Dalisay, katotototohanan

© Revised: March 11, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.